



**Gabay para sa Pagbibigay ng Pangmaramihang Serbisyo sa Screening at
Pang-iwas sa Sakit
para sa Ngipin at Paningin
sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager**

Marso 4, 2021

Ang sumusunod na Tip sheet ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para makapagbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa kung paano magbigay ng pangmaramihang screening para sa ngipin at paningin (at ilang partikular na pag-iingat na pang-iwas sa sakit sa ngipin) sa mga paaralan, childcare, at programa para sa mga bata at teenager habang umiiwas sa transmisyon ng COVID-19.

Ang gabay na ito ay **hindi** para sa mga indibidwal na pagtatasa ng kalusugan ng mga bata at teenager na dati nang natukoy na may mga salik ng panganib o alalahanin. Dapat makatanggap ang mga batang iyon ng mga naaangkop na screening at serbisyo (kasama ang mga screening para sa pandinig) sa pamamagitan ng kanilang mga provider ng kalusugan at/o team para sa pagtatasa.

Ipo-post ito sa <http://www.sfchcp.org>. Posibleng magbago ang Tip sheet na ito kapag na-update ang impormasyon.

AUDIENCE: Staff at mga guro sa mga paaralan, childcare, at programa para sa mga bata at teenager; mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagsasagawa ng screening sa paningin at ngipin; at mga magulang na posibleng sumailalim sa mga screening sa kalusugan.

BACKGROUND: Ang mga cavity sa ngipin ay isang malaking sanhi ng mga problema sa kalusugan sa mga bata, at puwedeng magdulot ng pananakit, impeksyon, at problema sa pagkain, pagsasalita, paglalaro, at pagkatuto. Ang screening at mga pag-iingat na pang-iwas sa sakit—gaya ng paglalagay ng mga fluoride varnish at pasta—ay mga epektibong paraan para maiwasan ang mga cavity sa mga ngipin ng mga bata. Puwedeng magsagawa ng mga pag-iingat para maiwasan ang transmisyon ng COVID-19 habang nagbibigay ng mga serbisyo sa ngipin.

Sa parehong paraan, ang mga abnormalidad sa paningin ng mga bata ay puwedeng magdulot ng mga pinsala, problema sa pagkatuto, at kawalan ng kumpiyansa sa sarili. Mahalagang maagang matukoy ang mga abnormalidad sa paningin dahil sa ilang kundisyon, nababawasan ang bisa ng paggamot sa pagtanda. Puwedeng magsagawa ng mga pag-iingat para mabawasan ang transmisyon ng COVID-19 habang nagbibigay ng mga serbisyo sa screening ng paningin.

Sa ngayon, hindi inirerekomenda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) ang pangmaramihang screening para sa pandinig sa mga komunidad para sa mga batang walang natukoy nang alalahanin sa pagsasalita o pandinig. Ito ay dahil sa mga pagtatasang screening para sa pandinig, kailangan ng bata at provider ng pangangalagang pangakalusugan (at iba pang indibidwal) na manatili sa maliliit na indoor na espasyo kung saan hindi maganda ang bentilasyon sa loob ng matagal na panahon. Kaya naman hindi nagiging madali ang pagpigil sa transmisyon ng COVID-19, lalo na sa mga lugar na hindi para sa pangangalagang pangkalusugan. Gaya ng nabanggit sa itaas, ang mga batang natukoy nang may mga salik ng panganib o



alalahanin para sa pagkawala ng pandinig, kasama ang mga hindi sumailalim sa mga screening para sa pandinig sa kapanganakan ay dapat makatanggap ng naaangkop na screening at mga serbisyo sa pamamagitan ng kanilang mga provider ng pangangalang pangkalusugan.

Mga Rekomendasyon

Maghanda para sa mga screening/serbisyong pang-iwas sa sakit sa paningin at ngipin

Dapat makipagtulungan ang mga paaralan at programa ng childcare sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at kanilang mga ahensya sa pagpapalano ng mga ligtas, epektibo, at matagumpay na screening.

- **Tumukoy ng naaangkop na lugar para sa mga serbisyo sa screening**
 - Ang lahat ng serbisyo sa screening at pang-iwas sa sakit para sa **ngipin** ay dapat ibigay outdoors; puwedeng ibigay ang mga serbisyo sa **paningin** indoors o outdoors.
 - Ang mga outdoor na espasyo ay puwedeng natatakpan ng tent, canopy, o iba pang silungan, basta't nakakasunod ang silungan sa: (1) gabay ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH) noong Nobyembre 25, 2020 kaugnay ng “Paggamit ng Mga Pansamantalang Istruktura para sa Mga Outdoor na Pagpapatakbo ng Negosyo” (available sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Use-of-Temporary-Structures-for-Outdoor-Business-Operations.aspx>); at (2) gabay ng SFDPH tungkol sa “Mga Mas Ligtas na Paraan ng Paggamit ng Mga Bagong Outdoor na Espasyong Ginagamit Din ng Iba para sa Mga Pinapayagang Aktibidad Sa Panahon ng COVID-19” (available sa <https://www.sfdph.org/dph/files/ig/Guidance-Shared-Outdoor-Spaces.pdf>).
 - Tiyaking may sapat na espasyo habang naghihintay ang mga bata, at may pagitan silang hindi bababa sa 6 na talampakan. Pag-isipang maglagay ng mga palatandaan sa sahig para makatulong sa pagdistansya sa isa't isa.
- **Tukuyin kung sino ang makakatanggap ng mga serbisyo sa screening/pang-iwas sa sakit sa isang partikular na araw**
 - Sa pagtukoy ng mga bata para sa mga serbisyo, tandaang posibleng salitan ang pagpasok sa mga programa ng edukasyon at posibleng kailanganin ng mga provider na bumisita nang ilang beses sa mga pasilidad para ma-screen ang lahat ng kwalipikadong bata.
 - Hindi puwedeng tumanggap ng mga serbisyo sa screening para sa kalusugan ang mga batang naka-isolate o naka-quarantine sa kasalukuyan. Pag-isipan kung mapapaunlakan ng mga alternatibong petsa at oras ang mga nasabing bata, kung kwalipikado naman silang tumanggap ng mga serbisyo sa screening.

Dapat sundin ng mga screener para sa kalusugan at mag-aaral ang mga ipinapatupad na protokol sa kalusugan

- **I-screen ang (mga) provider ng pangangalagang pangkalusugan pagpasok sa pasilidad para sa mga sintomas ng at pagkakalantad sa COVID-19**



- Dapat ituring ang provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa ngipin o paningin bilang bisita sa campus, at dapat silang sumailalim sa screening para sa sintomas at pagkakatantad na pareho sa isinasagawa sa lahat ng bisita.
 - Para sa higit pang impormasyon tungkol sa screening, tingnan ang sfcdcp.org/screen.
- Puwedeng samahan ng mga trainee ng mga provider para sa ngipin o paningin ang sumusubaybay na provider sa pasilidad, at dapat silang makibahagi sa mga serbisyo sa screening at pang-iwas sa sakit, alinsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng mga naglilisenasyang ahensya at institusyon ng edukasyon. Dapat sumunod ang mga trainee sa gabay sa kalusugan at kaligtasan na nakasaad sa dokumentong ito at ng kanilang institusyon ng edukasyon.
- Itala ang impormasyon ng (mga) bumibisitang provider ng pangangalagang pangkalusugan (gaya ng kanilang pangalan at petsa ng pagbisita, halimbawa). Posibleng mahalaga ito sakaling may matuklasang positibong kaso ng COVID-19 sa ibang pagkakataon.
- **Sundin ang mga ipinapatupad na kasanayan sa kaligtasan tungkol sa mga personal na pag-iingat na pang-iwas sa sakit**
 - Dapat maghugas ng kamay ang lahat ng bata bago sila sumailalim sa screening para sa kalusugan
 - Ang lahat ng bata ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha (maliban kung exempted sila sa ilalim ng mga ipinapatupad na patakaran) at magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pagitan, maliban na lang kung iba ang sasabihin ng provider ng pangangalagang pangkalusugan.
 - Limitahan ang bilang ng mga batang naghihintay sa lugar ng screening batay sa available na espasyo. Kung kinakailangan, iisang bata lang ang tawagin sa lugar ng screening sa bawat pagkakataon.
 - Mga bata lang na nasa iisang grupo o cohort sa paaralan ang dapat ipadala sa lugar ng screening para sa kalusugan sa bawat pagkakataon
 - Kung maraming grupo ng mga bata ang tatanggap ng mga serbisyo sa isang araw, hindi dapat magkakasama sa pila ang mga bata mula sa magkakaibang grupo. Puwedeng pumila ang susunod na grupo para sa mga serbisyo pagkatapos ng lahat ng nasa unang grupo.
 - Itala ang mga pangalan, petsa, pag-time in, at pag-time out ng mga batang nakatanggap ng screening para sa kalusugan. Posibleng mahalaga ito sakaling may matuklasang positibong kaso ng COVID-19 sa ibang pagkakataon.

Pigilan ang transmision ng COVID-19 sa panahon ng mga serbisyo sa screening

- Kapag nagsasagawa ng mga serbisyo sa screening at pang-iwas sa sakit para sa kalusugan, dapat gawin ng mga provider para sa **ngipin** ang mga sumusunod:
 - Sundin ang mga protokol sa kalusugan at gumamit ng naaangkop na pamproteksyong personal na kagamitan (personal protective equipment, PPE) na tinukoy ng Employer, nang isinasaalang-alang ang gabay mula sa OSHA, na available sa



<https://www.osha.gov/coronavirus/control-prevention/dentistry>

- Linisin at i-disinfect ang mga surface na madalas hawakan at ang mga kagamitang pinaghihiraman ng mga mag-aaral
- **Dapat isagawa ng mga screener para sa paningin** ang mga sumusunod:
 - Magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pisikal na distansya sa pagitan ng screener at mag-aaral sa lahat ng pagkakataon, maliban kung kailangang gawin ang pagtatasa nang malapitan (gaya ng mga SPOT photoscreener o screening para sa near vision)
 - Magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng pagkakataon at pag-isipang magsuot ng face shield kung inaasahan nilang lalapit sila sa mga bata nang wala pang 6 na talampakang distansya
 - Gumamit ng disposable na kagamitan kung posible, gaya ng mga disposable na eye patch o disposable na occluder, para sa mga eksaminasyon sa paningin
 - Linisin at i-disinfect ang mga surface na madalas hawakan at ang mga kagamitang pinaghihiraman ng mga mag-aaral

Abisuhan ang SFDPH kung makukumpirma o paghihinalaang nahawahan ng COVID-19 sa ibang pagkakataon

- Kung ang isang bata ay magkakaroon ng mga sintomas o resulta ng pagsusuring nakakabahala para sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw matapos sumailalim sa isang screening para sa kalusugan, dapat abisuhan kaagad ng paaralan o programa ang Hub ng Mga Paaralan ng SFDPH at dapat magbigay ng listahan ng mga serbisyo at bumisitang provider na posibleng naging close contact ng bata.
- Kung ang isang provider para sa ngipin o paningin ay magkakaroon ng mga sintomas o resulta ng pagsusuring nakakabahala para sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw matapos magsagawa ng screening para sa kalusugan sa mga pasilidad ng childcare o paaralan, dapat abisuhan kaagad ng provider o ng kanilang ahensya ang Hub ng Mga Paaralan ng SFDPH at dapat nilang isaad ang impormasyon tungkol sa lahat ng paaralan o programang binisita nila sa loob ng 14 na araw bago ang resulta.
- Makakakita ng higit pang tagubilin sa [sfdcp.org/COVIDSchoolsChildcare](https://www.sfdcp.org/COVIDSchoolsChildcare)

Mga Resource

- Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH)
 - Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa COVID-19
<https://www.sfdcp.org/covid19>
 - Impormasyon Tungkol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Kabataan <https://www.sfdcp.org/COVIDSchoolsChildcare>
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
 - COVID-19



<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/index.html>

- Kalusugan ng Bibig
 - <https://www.cdc.gov/OralHealth/index.html>
 - <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/dental-settings.html>
- Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety & Health Administration, OSHA),
Impormasyon para sa Mga Manggagawa sa Dentistry
<https://www.osha.gov/coronavirus/control-prevention/dentistry>
- American Dental Association,
Mga Resource para sa Kaligtasan at Klinika sa Panahon ng COVID-19
<https://success.ada.org/en/practice-management/patients/safety-and-clinical>
- Task Force ng US para sa Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit
Mga Rekomendasyon sa Screening para sa Paningin
<https://www.uspreventiveservicestaskforce.org/uspstf/recommendation/vision-in-children-ages-6-months-to-5-years-screening>
- Iwasan ang Pagkabalag,
Mga Pagsasaalang-alang para sa Mga Programa ng Screening para sa Paningin ng Mga Bata sa Panahon ng Pandemya ng Covid-19
<https://preventblindness.org/covid-19-childrens-vision-screening/>
- American Association of Pediatric Ophthalmology and Strabismus
Pediatric na Gabay sa Screening para sa Paningin sa Panahon ng Pandemya ng COVID-19
<https://aapos.org/education/allied-health/covid>